

MAHALAGANG IMPORMASYON TUNGKOL SA INYONG SUWELDO AT MGA KONDISYON

Alamin ang higit pa tungkol sa mga karapatan at pananagutan sa inyong lugar ng trabaho habang nananalasa ang coronavirus sa coronavirus.fairwork.gov.au

Ang mga empleyado ng Australya ay may mga karapatan at proteksyon sa trabaho, sa pamamagitan ng:

MGA BATAS SA MAKATARUNGANG PAGTRABAHO	MGA PATAKARAN SA PASUWELDO	MGA KASUNDUAN SA NEGOSYO	MGA KONTRATA SA PAGKA-EMPLEYO
<ul style="list-style-type: none"> mga pinakamababang limitasyon ng mga karapatang matanggap sa lahat ng mga empleyado kasama ang mga National Employment Standards (Mga Pambansang Batayan sa Pagka-empleyo) 	<ul style="list-style-type: none"> mga nakatalagang pinakamababang limitasyon ng mga pasahod at kondisyon para sa bawat industriya o trabaho nagsasalaklaw sa karamihan ng mga empleyado sa Australya 	<ul style="list-style-type: none"> mga nakatalagang pinakamababang limitasyon ng mga pasahod at kondisyon para sa bawat partikular na lugar ng trabaho pinagkasunduan at inaprubahan sa pamamagitan ng isang pormal na proseso 	<ul style="list-style-type: none"> nagbibigay ng mga dagdag na kondisyon para sa isang empleyado hindi nagbabawas o nag-aalis ng mga pinakamababang limitasyon ng mga karapatang matangga

Hanapin ang inyong 'award' sa www.fairwork.gov.au. Tingnan kung ang inyong lugar ng trabaho ay may kasunduan sa negosyo sa www.fwc.gov.au/agreements



MGA KASWAL NA EMPLEYADO

Kung isa kang kaswal na empleyado, kailangan ka ring bigyan ng Casual Employment Information Statement kapag nagsimula ka ng magtrabaho. Bisitahin ang www.fairwork.gov.au/ceis para sa dagdag na impormasyon.



SUWELDO

Ang inyong pinakamababang antas ng pasahod ay nasa inyong 'award' o enterprise agreement. Kung walang 'award' o kasunduan sa inyong trabaho, dapat matanggap ninyo ang nasa National Minimum Wage. Hindi maaaring bayaran kayo ng mas mababa pa dito. Ang mga ratang 'minimum pay' ay kadalasang taunang nagbabago.

Tingnan kung magkano ang dapat ninyong suweldo sa www.fairwork.gov.au/minimum-wages

PINAKAMABABANG PASUWELDO SA BANSA MULA SA IKA-1 NG HULYO 2021	\$20.33/oras pambuong araw o kalahating araw na trabaho	\$25.41/oras kaswal (casual)	Gamitin ang aming libreng pagkwentahan (calculators) upang ma-tsek ang bayad at karapatan sa pagliban at pagkakatanggal sa trabaho sa: www.fairwork.gov.au/pact
Ito ang rata para sa mga may-edad ng mga empleyado na walang 'award' o enterprise agreement (kasunduan sa negosyo). Maaaring magamit ang mas mababang rata sa mga kabataan, nagsasanay at mga may-kapansanan.			



MGA PAMBANSANG PAMANTAYAN SA PAGKAKA-EMPLEYO

May mga pinakamababang pamantayan para sa lahat ng empleyado. May mga patakaran at hindi kasali na maaaring magamit. Maaaring may dagdag pa sa inyong 'award' o kasunduan. May mga dadag na impormasyon tungkol sa 'National Employment Standards' sa www.fairwork.gov.au/NES

	Ang mga nagtatrabaho ng buong araw (full time) at bahaging araw (part-time)	Mga kaswal na empleyado
Taunang pagliban	✓ 4 na linggong may bayad na pagliban sa bawat taon (porsiyentuhan para sa bahaging araw na nagtatrabaho) + 1 linggo para sa mga karapat-dapat na turnuhang trabahador (shift workers)	✗
Personal na pagliban (Mga pagliban dahil sa pagkakasakit o pag-aalaga)	✓ 10 araw na may bayad na pagliban sa bawat taon (porsiyentuhan para sa bahaging araw na nagtatrabaho)	✗
Pagliban para mag-alaga	✓ 2 araw na walang bayad na pagliban sa bawat pinapayagang okasyon (kung wala nang natitirang may bayad na pagliban)	✓ 2 araw na walang bayad na pagliban sa bawat pinapayagang okasyon
Maawaing pagliban	✓ 2 araw na may bayad na pagliban sa bawat pinapayagang okasyon	✓ 2 araw na walang bayad na pagliban sa bawat pinapayagang okasyon
Pagliban dahil sa karahasan sa pamilya at tahanan	✓ 5 araw na walang bayad na pagliban sa bawat 12 buwan	✓ 5 araw na walang bayad na pagliban sa bawat 12 buwan
Pagliban para maglingkod sa komunidad • Pagseserbisyo bilang kasali sa lupon ng hurado sa korte • Pamamahala sa mga pang-emerhensyang boluntaryong gawain	✓ 10 araw na may bayad na pagliban at may karagdagang pasahod (make-up pay) + walang bayad na pagliban kung kinakailangan ✓ Walang bayad na pagliban kung kinakailangan upang makasali sa gawain	✓ Walang bayad na pagliban kung kinakailangan ✓ Walang bayad na pagliban kung kinakailangan upang makasali sa gawain
Pagliban sa may matagal na pagtatrabaho	✓ May bayad na pagliban (ang halaga at kwalipikasyon ay nagkakaiba bawat estado at teritoryo)	* May mga pagkakaiba bawat estado at teritoryo
Pagliban ng mga magulang kwalipikado kapag may 12 buwan na sa pagtatrabaho	✓ 12 buwan na walang bayad na pagliban – maaaring hanggang 24 buwan kung may kasunduan sa taga-empleyo	✓ 12 buwan na walang bayad na pagliban sa mga regular at kaswal – maaaring hanggang 24 buwan kung may kasunduan sa taga-empleyo
Pinakamaraming oras ng pagtrabaho	✓ Mga buong araw na mga empleyado (full-time) – 38 oras bawat linggo + makatwirang dagdag na oras Mga bahaging araw (part-time) at kaswal na empleyado – 38 oras o mga ordinaryong sahod kada linggo (anuman ang mas mababa) + makatwirang dagdag na oras	
Mga Piyesta Opisyal	✓ Ang may bayad na pagliban kung karaniwan kayong nagtatrabaho. Maaari ninyong tanggihang magtrabaho, kung may katwiran kayo	✓ Walang bayad na pagliban. Maaari ninyong tanggihang magtrabaho, kung may katwiran kayo
Abiso sa pagkakatanggal sa trabaho	✓ 1-5 linggong abiso (o bayad, kapalit sa abiso) base sa katagal na pagkaka-empleyo at edad	✗
Bayad sa pagkakatanggal dahil sa kalabisan kwalipikado kapag mahigit nang 12 buwan na nagtatrabaho	✓ 4-16 linggong bayad batay sa katagal nang pagtatrabaho (may mga hindi kasali)	✗
Pagiging hindi na kaswal	✗	✓ Ang karapatang maging nasa pambuong araw o bahaging araw na empleyado sa ilang mga kalagayan

MAHALAGANG IMPORMASYON TUNGKOL SA INYONG SUWELDO AT MGA KONDISYON

AIBABAGAY

Pagkalampas ng 12 buwan na pagka-empleyo, maaari kayong sumulat ng **'request for flexible working arrangements' (paghingi ng naibabagay na kaayusan sa trabaho)** kung kayo ay may edad 55 na taon o mahigit pa, nag-aalaga, may kapansanan, nakakaranas (o sumusuporta ng kapamilyang biktima) ng karahasan sa tahanan, o magulang o may inaalagaang batang nag-aaral o mas bata pa. Kasama rito ang mga empleyado na bumabalik ng trabaho mula sa pagliban dahil sa pagiging magulang o pag-aampon at humihingag magtrabaho ng 'part-time' para mag-alaga sa bata. Ang taga-empleyo ay kailangang sumulat ng sagot sa loob ng 21 na araw. Maaari lamang silang tumanggi kung may makatwiran na pangkomersyong kadahilanan.

Kayo at ang inyong taga-empleyo ay maaaring **magkasundo sa isang naibabagay na kaayusan**. Magbabago nito ang ilang kaayusan sa inyong 'award'; o enterprise agreement. Ang isang naibabagay na kaayusan ay dapat talagang pinili ninyo- ito ay hindi maaaring gamiting kondisyon ng pagkaka-empleyo - at dapat sa pangkalahatan ito ay lalong nakakabuti sa inyo. Dagdagan ang kaalaman sa:

www.fairwork.gov.au/flexibility

ALAM BA NINYO?

Maaari kayong lumikha ng libreng 'My account' upang mailagay ang mga impormasyon mula sa lugar ng trabaho sa iisang paglalagyan sa: www.fairwork.gov.au/register

Kurso sa internet upang makapagsimula ng bagong trabaho o kung may mga isyu sa trabaho, bisitahin ang: www.fairwork.gov.au/learning

Ang **Record My Hours app** ay nagpapabilis at nagpapadali sa pagtala ng mga oras ng inyong pagtrabaho. Walang bayad ito sa App Store at Google Play.

PAGWAWAKAS SA PAGKA-EMPLEYO

Sa pagtatapos ng inyong pagka-empleyo, ang inyong huling bayad ay dapat kasama ang lahat ng mga hindi pa nabayaran na **mga karapatang matanggap (entitlements)** katulad ng mga suweldo at hindi nagamit na taunan at mahabang serbisyon ng mga pagliban.

Maaari kayong karapat-dapat sa mga karapatan sa **abiso ng pagkakatanggal sa trabaho** (notice of termination), o bayad kapalit ng paunawa. Kung kayo ay natanggal sa trabaho dahil sa mga maling gawain, wala kayong mga karapatan sa paunawa. Kung kayo ay mag-resign, maaari kayong magbigay ng paunawa sa taga-empleyo. Upang malaman kung kinakailangan ang paunawa at kung ano ang mga kasama sa inyong huling bayad, bumisita sa:

www.fairwork.gov.au/ending-employment

Kung inaakala ninyo na **hindi makatarungan** o labag sa batas ang inyong pagkakatanggal sa trabaho, mayroon kayong **21 araw** na maghain ng paghahabol sa Fair Work Commission. May mga patakaran at limitasyon na magagamit. Dagdagan ang kaalaman sa:

www.fairwork.gov.au/termination

SINO ANG MAKAKATULONG?

FAIR WORK OMBUDSMAN

- impormasyon at payo tungkol sa sahod at at mga karapatan
- libreng 'calculators', 'templates' at mga kurso sa 'internet'
- tumulong sa pagresolba ng mga problema sa lugar ng trabaho
- imbestigahin ang mga pagsuwat at papairalin ang mga batas sa lugar ng trabaho.

www.fairwork.gov.au - 13 13 94

MGA PROTEKSYON SATRABAHO

Lahat ng mga empleyado ay may proteksyon sa trabaho.

Hindi kayo tatratinin ng naiiba o masama dahil kayo ay may mga karapatan sa lugar ng trabaho, halimbawa: ang karapatang magkakaroon ng naibabagay na kaayusan sa trabaho, magkaroon ng bakasyon, magreklamo o magtanong tungkol sa pagkaka-empleyo.

Kayo ay may karapatan na pumiling makisali sa unyon o hindi, at makilahok o hindi makilahok sa mga legal na gawaing pang-industriya.

Mayroon din kayong mga proteksyon kung pansamantalang lumiban sa trabaho dahil sa pagkasakit o pagkasugat, laban sa diskriminasyon, pagkakaapi at panliligalig, pamimilit, kasinungalingan, pekeng kontrata, at hindi ginugustong pamumuwersa o panggigipit. Dagdagan ang kaalaman sa:

www.fairwork.gov.au/protections

PAGGAWA NG KASUNDUAN

Ang mga enterprise agreement ay pinag-uusapan sa pagitan ng mga taga-empleyo, mga empleyado, at kanilang mga kinatawan (halimbawa, ang unyon). Ang prosesong ito ay tinatawag na 'bargaining' (pagtatawaran) at may mga sinusunod na patakaran. Ang Fair Work Commission ay sumusubaybay at nag-aaprubang sa mga kasunduan. Para sa impormasyon tungkol sa paggawa, pagbabago, o pagwawakas ng kasunduan, bumisita sa:

www.fwc.gov.au/agreements

PAGLILIPAT NG NEGOSYO

Kung ililipat ang negosyo, ang inyong pagkaka-empleyo sa dating taga-empleyo ay maaaring magwakas. Kung kayo ay hihirangin ng bagong taga-empleyo sa loob ng tatlong buwan na magtrabaho sa dati o kaparehong uri ng gawain, ang ilan sa mga karapatan ninyo ay maaaring dalhin sa bagong taga-empleyo. Ito ay maaaring mangyari kung ang negosyo ay nabenta o ang mga trabaho ay gagawin ng iba. Palawakin ang kaalaman sa:

www.fairwork.gov.au/transfer-of-business

KARAPATAN SA PAGPASOK

Ang mga opisyal ng unyon na may aprobadong permiso ay maaaring pumasok sa lugar ng trabaho para makausap ang mga trabahador na karapat-dapat nilang katawanin, o para mag-imbetiga sa mga suspetyosong problema sa kaligtasan o mga paglabag sa mga batas sa trabaho.

Sila ay dapat tumupad sa mga natatanging pangangailangan, katulad nang pag-aabiso sa taga-empleyo, at maaaring tingnan o mangopya ng mga dokumento. Pagtupad sa patakaran ng pagkapribado sa maghawak ng permiso, sa samahan at taga-empleyo. Dagdagan ang kaalaman sa:

www.fwc.gov.au/entry-permits